

# Ang Antas ng Institusyonalisasyon ng Sentro ng Wikang Filipino (SWF) Diliman Bilang Tagapamahala ng Wika sa Unibersidad ng Pilipinas /

## *The Level of Institutionalization of Sentro ng Wikang Filipino (SWF) Diliman as a Language Manager of the University of the Philippines*

Zarina Joy T. Santos  
University of the Philippines–Diliman  
zarinajoytosantos@gmail.com

Pangunahing layunin ng pag-aaral na ito na balangkasin at suriin ang mga pagpupunyagi ng Sentro ng Wikang Filipino Diliman bilang isang institusyong pangwika na pamahalaan ang wikang Filipino bilang wika ng akademya sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman batay na rin sa itinakda ng Patakarang Pangwika ng UP. Sa pamamagitan ng mga pag-aaral at teoryang pinalaganap ni Bernard Spolsky ukol sa *Language Management*, na tatapatan ng terminong pamamahalang pangwika sa pag-aaral na ito, sinuri ang mga naging hakbangin at organisasyon ng mga tungkulin at gawain ng Sentro ng Wikang Filipino sa Unibersidad gamit ang SWOT (Strengths, Weaknesses, Opportunities, at Threats). Hinimay ang mga proyektong nagawa ng SWF sa ilalim ng mandatong pagyamanin at paunlarin ang paggamit ng wikang Filipino sa Unibersidad na umikot sa nomenklatura, pagpapatatag ng ugnayan sa mga ahensiyang pangwika at organisasyong kultural, pagpapayaman ng terminolohiya, at mga publikasyon. Sakop ng pag-aaral ang panahong matapos ang debolusyon ng SWF noong 2001 mula sa pamunuan ni Dr. Galileo Zafra noong 2001 hanggang kay Dr. Rommel Rodriguez na nagtapos noong 2019. Sa pamamagitan ng pagsuri sa mga dokumento tulad ng mga *End of Term Report*, mga proposal ng proyekto at katitikan ng mga pulong, nataya ang mga naging pagpupunyagi ng SWF Diliman na maging tagapamahala ng wika sa UP.

**Mga Susing Salita:** Pamamahalang pangwika, Sentro ng Wikang Filipino Diliman, ahensiyang pangwika, institusyonal na pagsusuri

*The primary goal of this study is to outline and analyze the successes of the Sentro ng Wikang Filipino Diliman as a language institute, in its management of the Filipino language as a language of the academe at the University of the Philippines Diliman, based on the established language policy (Patakarang Pangwika) of UP itself. Using the studies and theory propagated*

*by Bernard Spolsky about language management, the programs and systematization implemented by the Sentro ng Wikang Filipino are analyzed using SWOT (Strengths, Weaknesses, Opportunities, Threats). The SWF's mandate is to cultivate the use of the Filipino language in the university. It is with this mandate in mind that its projects in nomenclature, strengthening the ties between language agencies and cultural organizations, enrichment of terminologies, and publications, are assessed. This study includes the period after the devolution of the SWF from 2001, under the directorship of Dr. Galileo Zafra, up to the directorship of Dr. Rommel Rodriguez, which ended in early 2019. Analyzing documents such as End of Term Reports, project proposals, and minutes of meetings, the successes of the SWF Diliman as the language manager of UP are assessed.*

**Keywords:** *Language management, Sentro ng Wikang Filipino Diliman, language agency, institutional analysis*

## Panimula

Sa pagtatakda ng Filipino bilang wikang pambansa sa ilalim ng Konstitusyon noong 1986, nilikha rin ang mga gampanin at tungkulin ng lipunan at iba't ibang institusyon upang tulungang hubugin ang Filipino bilang wikang pambansa. Nagbunsod ito ng malaking pagbabago tungo sa pagsulong at pagyabong ng Filipino sa midya, komunikasyon, at lalo't higit, sa akademya.

Sa pananaw ni Vivencio Jose, malaki ang papel na ginagampanan ng akademya sa layuning pagpapalaganap ng wikang Filipino (Jose 53). Ito rin ang naging pananaw ng Unibersidad ng Pilipinas (UP) bilang isang pang-akademyang institusyon. Malaki ang papel ng Unibersidad sa kasalukuyang mga pagsisikap para paunlarin at palaganapin ang wikang Filipino bilang wikang pambansa at wika ng akademya.

Marami-rami na ang naging pagpupunyagi ng UP upang mapalaganap at mapaunlad ang Filipino bilang wikang pambansa, opisyal na wika, at midyum ng pagtuturo (Atienza 44). Ang patakarang pangwika na inaprubahan noong 1989 ay naglayong gawing pangunahing wika ang Filipino sa pagtuturo, pananaliksik, paglalathala, at gawaing pang-ekstensiyon. Ayon kay Galileo Zafra, maaari itong ituring bilang pinakauna at pinakakomprehensibong patakarang pangwikang nakakonteksto sa akademya na may pagtataguyod sa wikang Filipino (Zafra 2010, xi). Isa sa mga pagpupunyaging nagkaroon ng malaking impak ng Patakarang Pangwika sa UP ay ang pagtatag ng Sentro ng Wikang Filipino (SWF).

Institusyon sa pagsulong ng wikang Filipino sa Unibersidad ng Pilipinas ang Sentro ng Wikang Filipino. Simula nang itinatag ito noong 1989, itinalaga ito bilang tagapamahala ng patakarang pangwika ng Unibersidad at tagapagtaguyod ng Pambansang Wika. Kaugnay nito, pinamahalaan ng ahensiya ang mga hakbangin at programang nagsusulong ng wikang Filipino.

Ang pagkakatatag ng SWF ang nagpapakita ng patuloy na pagtugon ng Unibersidad at ng pamunuan nito sa tungkuling paunlarin ang Filipino sa akademya. Matapos ang labindalawang taon ng pag-iral at pamamahala ng programang pangwika sa sistemang UP, noong 2001, dumaan ang SWF Sistema sa proseso ng debolusyon at dito iniluwal ang Sentro ng Wikang Filipino Diliman.

## Layunin ng Pag-aaral at Metodolohiya

Mula 2001 hanggang sa kasalukuyan, sa ilalim ng anim na pamunuan, dumaan ang SWF Diliman sa maraming pagbabago. Kaya naman naging lunsaran ng pag-aaral na ito ang sipatin kung paano umiral ang SWF Diliman matapos ang debolusyon noong 2001. Lalandasin din ang dinaanan nitong transisyon tungo sa pag-eestablisa ng sarili bilang isang institusyong tagapamahala ng wika sa UP Diliman.

Layunin ng pag-aaral na ito na maisa-isa ang naging proseso at mandato ng debolusyon ng SWF Sistema tungong SWF Diliman. Ilalahad din ang mga naging programa, proyekto, at gawaing pangwika na

inilunsad ng UP SWF Diliman mula 2001 hanggang sa kasalukuyan. Sa pamamagitan nito, mailalarawan ang estado ng SWF Diliman sa kasalukuyan at masusuri ang antas ng pamamahala ng ahensiya bilang isang institusyong tagapamahala ng wika.

Upang maisakatuparan ang mga itinakdang layunin ng pag-aaral, nagtungo ang mananaliksik sa tanggapan ng SWF Diliman upang makuha ang mga dokumentong magpapatibay sa pagkakatatag at pagsailalim sa debolusyon ng SWF. Sinuri rin ang mga *End of Term Report* na isinumite ng mga direktor ng SWF. Ang mga ito ang magiging batayan ng mga naging katuparan ng bisyon ng SWF Diliman ayon pagsusuri sa kalakasan, kahinaan, oportunidad, at balakid nito.

### **Patakarang Pangwika ng UP**

Alinsunod sa itinakda ng Konstitusyon ng Pilipinas na nag-atas sa pamahalaang itaguyod ang paggamit ng Filipino bilang wikang opisyal at wikang panturo sa mga paaralan, isinilang ang Patakarang Pangwika sa Unibersidad ng Pilipinas. Sa ilalim ng patakarang ito na inaprubahan noong 1989, itinakda ang Filipino bilang wikang panturo sa UP sa lebel na di gradwado sa loob ng isang risonableng takdang panahon ng transisyon (Patakarang Pangwika ng UP).

Sa ilalim ng panahon ng transisyong ito, inaasahang maipatupad ang mga sumusunod na gawain sa pagrerebyu ng estado ng Filipino sa mga kampus, pagpapasigla ng pagtuturo, pananaliksik, pagsasalin, at malikhaing pagsulat sa Filipino. Magbubukas din ng mga kurso para sa mga dayuhang nais mag-aral ng Filipino. Sa kabuuan, inaasahang ang mga gawaing ito ay magiging epektibo upang maipalaganap ang paggamit ng Filipino sa Unibersidad. Sa panahong ito nabuo rin ang pagsasanib-puwersa ng Departamento ng Filipino, Kolehiyo ng Edukasyon, at Departamento ng Lingguwistika upang pangunahan ang mga gawain sa panahon ng transisyon. Sa panahong ito rin itinatag ang Sentro ng Wikang Filipino o SWF. Ayon dito, ang SWF ang “susuporta sa gawain ng mga iskolar sa Filipino at sa iba pang wika ng Pilipinas” (Patakarang Pangwika ng UP).

#### *A. Sentro ng Wikang Filipino Sistema*

Sinimulan ang pag-organisa at pagbuo ng SWF noong Nobyembre 2, 1989 at pormal na inilunsad noong Marso 20, 1989 (Maceda 5). Layunin ng

patakarang ito na palaganapin ang paggamit ng Filipino sa Unibersidad. Ang SWF ay isang sangay na tumutulong sa pagsubaybay ng implementasyon ng Patakarang Pangwika sa lebel ng UP, katuwang ang Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas (DFPP), Departamento ng Pagtuturo ng Wika o Language Teaching Area (LTA) ng Kolehiyo ng Edukasyon, at Departamento ng Lingguwistiks (DL) ng Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya. Itinalaga rin ang SWF bilang sentro ng pananaliksik at iba pang gawaing may kaugnayan sa pagtataguyod at pagpapaunlad ng Filipino sa UP.

Nanguna ang SWF sa iba’t ibang programang pangwika. Kabilang dito ang paglalathala ng mga aklat, diksiyonaryo, pagdaraos ng mga seminar at kumperensiya, at pagpapanatili ng ugnayan sa labas ng Unibersidad na kaagapay sa layuning itaguyod ang pambansang wika gaya ng Commission on Higher Education (CHED), Department of Education (DepEd), at Korte Suprema. Ang mga programang ito ay sumusunod sa mga layuning itinakda ng SWF.

#### *B. Debolusyon ng SWF Sistema tungong SWF Diliman*

Debolusyon ang tawag sa paglilipat ng kapangyarihan, awtoridad o resorses mula sa *national government* tungo sa rehiyon, *sub-national* na lebel o mas mababa o maliit na sangay ng gobyerno. Tinatawag din itong rehiyonalisasyon o desentralisasyon.

Noong Disyembre taong 2000 sa pulong ng Board of Regents, inilatag ang panukalang sumailalim ang SWF sa debolusyon. Mula sistema, magiging SWF Diliman ito batay sa itinayong Coordinating Committee. Batay sa mga kadahilanang ibinigay ng board, may pangangailangan na magkaroon ang Diliman ng sarili nitong SWF gaya ng sa ibang kampus. Sa pamamagitan nito, higit na matututukan ang pamamahala ng wika sa UP Diliman.

Sa pagsailalim ng SWF sa debolusyon, iniluwal ang SWF Diliman. Mula sistema, nalipat ang pondo at *personnel items* sa SWF Diliman habang ipinagpapatuloy nito ang mga nasimulang gawain ng SWF Sistema. Simula noong sumailalim sa debolusyon ang SWF, dumaan ito sa mga sumusunod na pamunuan:

- |             |                  |
|-------------|------------------|
| • 2001-2004 | Galileo S. Zafra |
| • 2004-2007 | Lilia F. Antonio |
| • 2007-2009 | Galileo S. Zafra |

- 2009-2011 Jovy M. Peregrino
- 2012-2014 Rosario Torres-Yu
- 2014-2019 Rommel B. Rodriguez

Sa ilalim ng limang pamunuan ng UPSWF Diliman, nilayong isakatuparan ang mga sumusunod na layunin:

1. Patatagin ang ugnayan sa iba't ibang institusyon sa loob at labas ng unibersidad;
2. Bigyang-diin ang pananaliksik ukol sa wikang Filipino bilang tuntungan ng pagbuo ng mga patakaran sa Filipino at adbokasiya;
3. Pagsisinop sa mga nagawa nang proyekto at nabuong dokumento at pag-aaral ukol sa wika; at
4. Pagsasakatuparan ng mga proyektong pinag-isipan, natatanaw ang kabuuan, at may konsensus.

Dalawa ang naging pokus na programa ng SWF-UP Diliman. Ang una ay nakatuon sa Filipino bilang wikang panturo. Ang ikalawa ay may kinalaman sa Filipino bilang wikang pansaliksik. Nasa ilalim ng una ang pagpapalaganap ng Filipino sa iba't ibang kolehiyo at opisina ng UP. Gayundin, ang pagbuo ng Lupon sa Wika sa iba't ibang kolehiyo at opisina ng UP. Kasama rin dito ang paghahanda at paglalathala ng mga aklat, sanggunian, at iba pang kasangkapan ng pagtuturo. Panghuling aspekto ang pagdaraos ng mga seminar at komperensiya upang mapalakas ang pagtangkil sa Filipino ng mga guro at mag-aaral. Maaari ring isama rito ang pagtataguyod sa mga timpalak at gawad pangwika at pampanitikan, at ang pagtataguyod sa mga gawain at samahang pangwika sa labas ng unibersidad.

Kasama naman sa programang may kinalaman sa pagpapatibay ng Filipino bilang wika ng saliksik ang paglalathala ng UP Diksiyonaryong Filipino, gayundin ang pag-aaral at pagbuo ng mga bokabularyo sa mga katutubong wika, pagbuo ng mga glosaryong akademiko, at pagtitipon at pagpapayaman ng materyales at sanggunian sa saliksik pangwika. Dagdag pa rito ang pagsasalin ng mga batayang aklat sa iba't ibang larangang akademiko, at ang pangkalahatang pagsusulong ng sining at agham ng pagsasalin.

## Ang Pamamahalang Pangwika ng SWK Diliman

Sa pag-aaral ni Bernardo Agdigos Jr. noong 2004, pinuri niya ang naging aktibo at produktibong SWF Diliman sa pagpapaunlad ng Filipino bilang opisyal na wika ng komunikasyon at midyum ng pagtuturo. Pangunahin niyang batayan dito ang dami ng mga programa at proyekto na tumutupad sa mga layuning itinakda ng SWF Diliman.

Ang mga gawain at aktibidad ng SWF Diliman ay nakalinya sa mga sumusunod na malalaking programa:

- A. SALIKSIKAN - programang nagsusulong ng mga proyektong magpapasigla ng pananaliksik sa wika at gamit ang wikang Filipino bilang tagapanguna man o tagasuporta sa ibang organisasyong pangwika at mga departamento sa Unibersidad
- B. LATHALAN - paglalathala ng mga aklat, jornal, diksiyonaryo, glosari, at teksbuk at pagpapanatili nito sa sirkulasyon ng mga institusyong pang-akademya
- C. PANDAYAN - paglulunsad ng mga talakayan, forum, kapihan, kongreso, komperensiya at iba pang katulad na anyo na ang layunin ay tipunin ang mga samahan at mga iskolar ng wika upang pagnilayan ang kasalukuyang sitwasyong pangwika
- D. TURUAN - pagsasagawa ng mga worksyap sa pagtuturo at pagbibigay ng mga insentib sa mga gurong epektibong nagagamit ang Filipino sa kanilang pagtuturo
- E. USWAGAN - mga pagkilos para pabilisin ang pagtanggap sa Filipino sa mga rehiyong di Tagalog gaya ng pagdaraos ng timpalak sa pagsulat ng sanaysay para sa mga estudyante ng UP Visayas
- F. PINTUNGAN - pagtitipon at pagpapayaman sa aklatan at koleksiyon ng materyales at sanggunian sa saliksik pangwika para sa mga iskolar na nais manaliksik ng paksaing pangwika
- G. UGNAYAN/SULUNGAN - pag-oorganisa ng mga iskolar, guro, mananaliksik, at institusyong nagpapaunlad at nagtataguyod ng wikang Filipino at iba pang wika sa Pilipinas. May tatlong proyekto sa ilalim ng Ugnayan/Sulungan:

1. Salinan—pagtugon sa anomang pangangailangan ng ibang yunit sa loob at labas ng Unibersidad sa usapin, hakbangin, at pamamaraan ng pagsasalin sa Filipino
  2. Gawaran – pagbibigay ng pagkilala sa mga gawaing patungkol sa pagpapayaman ng wikang Filipino at iba pang wika sa Pilipinas
- Nakalista sa talaan sa ibaba ang mga proyektong isinagawa ng SWF Diliman sa ilalim ng pitong programa.

| PROGRAMA   | PROYEKTO                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                     |
|------------|------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|
| Saliksikan | <ul style="list-style-type: none"> <li>• Saliksikang Filipino: UP Filipino Language Resource Center</li> <li>• Pagpapayaman ng UP Diksiyonaryong Filipino</li> <li>• Subaybay Wika: Filipino Language Frequency Count</li> <li>• Pagpapatuloy ng Bantay-Wika</li> <li>• Rebyu sa UP Diksiyonaryong Filipino</li> <li>• Pagbuo ng Programa sa Diseminasyon ng mga Pananaliksik sa Filipino</li> <li>• Ambagan: Kumperensiya sa Paglikom ng mga Salita mula sa Iba't Ibang Wika sa Pilipinas</li> </ul>                                                                                                                                                                                                                                                                                                                        |
| Turuan     | <ul style="list-style-type: none"> <li>• Kongreso ng Sangfil</li> <li>• Seminar-Worksyap sa Interaktibo at Integratibong Kurikulum</li> <li>• Sarbey Hinggil sa Paggamit ng Filipino sa Pagtuturo</li> <li>• Ika-12 Kongreso at Pambansang Seminar-Worksyap Tampok ang Mahuhusay na Guro sa Wika at Panitikan ng Pilipinas na may temang “Gurong Giliw: Teknik, Tanong, Tanaw sa Wika at Panitikan ng mga Piling Guro” (2011)</li> <li>• “Wika ng Bata, Wikang Malaya: Librong Pambata para sa Edukasyon” (2013)</li> <li>• Bantay-Wikang Filipino: Ang Pagtuturo ng Filipino sa Kolehiyo (2014)</li> <li>• Lakbay-Seminar sa Pagpapalaganap ng Wika at Panitikan</li> <li>• GE Mini-Conference sa Filipino (2014)</li> <li>• Palihan sa Pagsulat ng Kuwentong Pambata (2017)</li> <li>• Palihan sa Wika 1 (2018)</li> </ul> |
| Lathalaan  | <ul style="list-style-type: none"> <li>• Daluyan: Journal ng Wikang Filipino</li> <li>• Aklatang-Bayan</li> <li>• Gabay sa Editing/Gabay sa Ispeling</li> <li>• Proyektong Teksbuk</li> <li>• Proyektong Rebisyon ng SWF at Anvil</li> <li>• Aklatang-bayan online</li> <li>• E-bahagi</li> </ul>                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                            |
| Talakayan  | <ul style="list-style-type: none"> <li>• Talakayang Pangwika: “Ang Wikang Filipino Bilang Isyung Legal” tungkol sa nakaambang pagtatanggal ng Filipino sa kurikulum ng mga eskwelahan at ang kaakibat na isyung legal nito (2002)</li> <li>• “Sulong Wika 2001/2002/2003”</li> <li>• Talakayang Pangwika: “Gramatika ng Wikang Filipino” Forum na ginanap (2002)</li> <li>• “E-mahinasyon” at “E-salin” (2005)</li> <li>• International Conference ng SWF (2007)</li> <li>• “Ambagan: Kumperensiya sa Paglikom ng mga Salita mula sa Iba't Ibang mga Wika sa Pilipinas” (2009)</li> <li>• Forum sa Komite sa Wika (2011)</li> <li>• Lakbay-Turo: Understanding by Design sa Wika at Panitikan (2011)</li> </ul>                                                                                                              |

(karugtong...)

|                      |                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                              |
|----------------------|------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|
|                      | <ul style="list-style-type: none"> <li>• “Seminar-Worksyp sa Interaktibo at Integratibong Kurikulum” (sa pakikipagtulungan sa LTA)</li> <li>• “Neoliberalismo at Wikang Filipino” (Sa pakikipagtulungan sa CONTENTD o Congress of Teachers/Educators for Nationalism and Democracy) (2012)</li> <li>• “25 Taon ng Sentro ng Wikang Filipino” (2014)</li> <li>• “Bantay-Wikang Filipino: Ang Pagtuturo ng Filipino sa Kolehiyo” (2014)</li> <li>• “Pagtatagpong Kros-kultural ng mga Wika at mga Panitikan”</li> <li>• “Seminar sa Editing”</li> <li>• Kongreso ng Sangfil (2001-2012)</li> <li>• “Talasalitaan” (2015-2018)</li> <li>• “Mga Susing Salita” (2017)</li> </ul> |
| Ugnayan (Networking) | <ul style="list-style-type: none"> <li>• Direktoryo ng Sulong Filipino</li> <li>• Dap-Ay Filipino</li> <li>• Pagiging secretariat ng SANGFIL, ugnayan sa WIKA, National Committee on Language and Translation, Filipinas Institute of Translation</li> <li>• Pakikipa-ugnayan sa Komisyon sa Wikang Filipino</li> <li>• Komite sa Wika/Lupon sa Wika sa UP Diliman</li> <li>• Daluyan Online</li> <li>• Pagpasok ng Daluyan Journal Online sa EBSCO</li> <li>• Pakikipag-ugnayan sa Tanggol Wika</li> <li>• Pakikipag-ugnayan sa Save the Children Foundation</li> <li>• Pagiging katuwang sa Palihang Rogelio Sicat</li> </ul>                                              |
| Sulungan (Advocacy)  | <ul style="list-style-type: none"> <li>• Glosaring Pang-administrasyon</li> <li>• GE Mini-Conference sa Filipino</li> <li>• Pambansang Seminar-Worksyp ng Sangfil sa pakikipagtulungan ng SWF noong 2007 na may temang “Pagharap sa Hamon ng Kasalukuyang Kurikulum ng DepEd at CHED: Implementasyon at Aplikasyon</li> <li>• UP SWF Website</li> <li>• Proyektong pakikipagtulungan sa Save The Children Foundation ukol sa pagtula at paglalathala</li> <li>• Press forum sa pagtuligsa sa CHED Memo 20 series of 2013 (2018)</li> <li>• Sa Madaling Salita (2018)</li> </ul>                                                                                              |
| Salinan              | <ul style="list-style-type: none"> <li>• Pagsasalin ng mga dokumento mula sa iba’t ibang tanggapan sa loob at labas ng UP tulad ng Opisina ng Tsanselor, OVCAA, HRDO, Civil Service Commission, KWF, at iba pa</li> <li>• Glosari ng mga Terminong Akademiko at Administratibo</li> <li>• Pormularyo sa U.P. (HRDO at OUR)</li> <li>• Glosaring Dihital</li> <li>• Glosari sa Agham, Matematika, at Teknolohiya Mula Grade 1 Hanggang Grade 10</li> </ul>                                                                                                                                                                                                                    |

(karugtong...)

|                                       |                                                                                                                                                                                                                       |
|---------------------------------------|-----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|
| Gawaran (Grants, Awards, Recognition) | Gawad Saliksik-Wika<br>Gawad Lope K. Santos at Gawad Cecilio Lopez<br>Gawad Sentro ng Wikang Filipino<br>Gawad Tsanselor sa Natatanging Mananaliksik sa Filipino<br>Gawad Teksbuk                                     |
| USWAGAN                               | Ambagan<br>Pambansang Palihan sa Pagsasaling Teknikal<br>24-26 Pebrero 2010 – Luzon<br>17-19 Marso 2010 - Visayas<br>7-9 Abril 2010 Mindanao<br>Lakbay-Seminar sa Pagpapalaganap ng Wika at Panitikan<br>Talasalitaan |
| PINTUNGAN                             | Pagsasaayos ng Silid-aklatan ng SWF Diliman<br>Proyektong Bantay-Wika<br>Bahay ng Wikang Filipino                                                                                                                     |

### Pagsusuri sa Antas ng Institusyonalisasyon ng SWF Diliman

Bilang isang ahensiyang pangwika, masusukat ang naging antas ng institusyonalisasyon ng SWF Diliman sa pamamagitan ng mga naging matagumpay nitong hakbangin tungo sa pagpapaunlad ng wika o *language cultivation*, ayon sa teorya ng pamamahalang pangwika o *language management* ni Bernard Spolsky (Spolsky 2009, 14).

Masasabing ang dalawa sa pinakaepektibong tapapamahala ng wika ay ang gobyerno at paaralan o sangay ng edukasyon. Pinakamataas na pagpaplanong pangwika ang pagtatakda ng legal na istatus ng isang wika na nakapaloob sa konstitusyon, gaya ng nangyari sa Pilipinas noong itadhana sa Konstitusyon ng 1987 ang Filipino bilang wikang pambansa. Ngunit isang bagay rin ang paggamit ng itinakdang pambansang wika sa komunikasyon at transaksyon sa loob ng gobyerno.

Ang domeyn ng paaralan o unibersidad ay kritikal sa pagpapaunlad ng patakarang pangwika ng isang *speech community*, kung saan ang mga kalahok na panloob ay ang mga guro at kawani, at mga mag-aaral (253). Ang mga tagapamahala ng wika ay mga aktibong kalahok sa pamamahalang pangwika. Sa kanila nakaatag ang responsibilidad na tugunan ang mga suliraning pangwika sa pamamagitan ng pagbabago ng wika o ng mga kalahok, at paraan nito

ng paggamit ng wika.

Samantalang matutunghayan ang tinatawag ni Spolsky na “language agencies,” gaya ng mga aktibong nakikisalamuha sa pamamahalang pangwika, nagtatrabaho para magbigay ng pangmatagalang solusyon sa mga problema sa komunikasyon sa pamamagitan ng pag-impluwensiya sa mga gumagamit ng wika o di kaya’y pagbabago sa wika mismo (kasama rito ang mga *language editor*, *language academy*, *terminology committee*), nariyan din ang mga tinatawag niyang “language services,” mga *interpreter*, tagasalin, kasama na rin ang mga *reference book*, at tagasaling kompyuter (248).

Bilang isang ahensiyang pangwika, mahalagang masuri ang antas ng institusyonalisasyon ng SWF Diliman bilang tagapamahala ng wika. Sa bahaging ito susuriin ang antas ng institusyonalisasyon ng SWF Diliman gamit ang SWOT o Strengths, Weaknesses, Opportunities at Threats na tutumbasan ng mga terminong Kalakasan, Kahinaan, Oportunidad, at Balakid.

### Kalakasan ng SWF Diliman

#### A. Pagpapaunlad ng Terminolohiya

Pinakamayabong na gawain ng SWF Diliman bilang isang tagapamahala ng wika ang mga gawain nito sa pagpapayabong at pagpapalawak ng komite

sa terminolohiya o *terminology committee*. Maitatala na ang pinakamaraming gawain ng ahensiya ay ang gawain nito sa paglilimbag ng mga diksyonaryoat glosari at pagdaraos ng mga forum tungkol dito. Ito ang naging pinakamasiglang paraan upang mapagyaman pa ang mga termino sa wikang Filipino na sumasakop sa iba't ibang larangan at disiplina, at hindi lamang sa pang-araw-araw na komunikasyon.

Ang UP Diksiyonaryong Filipino (UPDF) na nagkaroon ng dalawang edisyon (2001 at 2009) ay malaking ambag sa patuloy na intelektuwalisasyon ng wikang Filipino, ayon kay Dr. Galileo Zafra, ang nakaupong direktor sa parehong taong nailimbag ang UPDF. Nagbibigay ito umano ng mapagkakatiwalaang impormasyon tungkol sa mga salitang pumasok na sa korpus ng wikang Filipino. Kabilang sa mga impormasyong ito ang anyo ng salita, *variant*, bumubuong sangkap ng salita, kahulugan ng mga salita, impormasyong panggramatika, pinagmulan ng salita, at iba pa (Zafra 2009, xi).

Naging lunsaran naman ng kasunod na proyektong diksiyonaryo ang UP Diksiyonaryong Filipino at ang UP Monolinggwag na Diksiyonaryong Filipino. Layunin ng proyektong ito na makabuo ng isang diksiyonaryong nakabatay sa *digital text corpus* ng kontemporaryong gamit ng wikang Filipino. Batay sa naisagawa nang kritika sa UP Diksiyonaryong Filipino at sa nabuo nang manuwal na leksikograpikong gabay, tumutuloy na ang kasalukuyang programa sa mismong pag-aakda ng bagong UP Diksiyonaryo ng Wikang Filipino na nakabatay sa *digital text corpus* ng mga kontemporaryong batis na berbal.

Dahil mahalaga ang paglalangkap ng mga katutubong wika sa Filipino, nilikha ang Ambagan, na isang kumperensiya sa paglikom ng mga salita mula sa iba't ibang wika sa Pilipinas. Sa kumperensiya, magtatampok ang 13 tagapagsalita ng mga mungkahing salita mula sa kani-kanilang wika para maiambag sa korpus ng wikang pambansa. Sa kumperensiya tatalakayin ng napiling tagapagsalita ang kanyang saliksik tungkol sa natatanging kahulugan sa kultura ng napiling salita at maging ang kasaysayan ng etnolingguwistikong grupong kinabibilangan. Isinasagawa ito sa layuning mapagyaman ang leksikon ng wikang Filipino sa pamamagitan ng pagtalakay sa kahulugan ng mga salitang ito na kalaunan ay maidaragdag sa UP Diksiyonaryong Filipino.

Maliban sa mga diksiyonaryo, malaking ambag din ang nagawang mga glosari ng SWF tungo

sa pagpapayabong ng Filipino sa iba't ibang disiplina. Ang *Glosari ng Paggawa ng Damit*, *Glosari ng mga Salita at Pagpaplanong Urban at Rehiyonal*, *Glosari sa Edukasyon*, *Glosaring Pang-administrasyon*, at *Glosari sa Agham, Matematika, at Teknolohiya Mula Grade 1 Hanggang Grade 10* ay malaking hakbang tungo sa intelektuwalisasyon ng wikang pambansa.

## B. Editor Pangwika at Publikasyon

Kung iisa-isahin ang mga proyektong nagawa ng SWF Diliman, matingkad ang pagpopokus nito sa publikasyon, mapalimbag man at ngayo'y *online*. Naglalathala ito ng sariling journal, ang *Daluyan* at nagsisilbi ring tagasuporta sa mga aklat sa Filipino na nagnanais na mailimbag.

Ang *Daluyan Journal* (Aklat at *Online*) ay taunang jornal na nililimbag ng SWF na naglalayong pasiglahin at paunlarin ang mga pananaliksik tungkol sa wika, kultura, at panitikang Filipino. Tunguhin nitong patuloy na maintelektuwalisa ang Filipino bilang wika ng akademya. Monolinggwag sa Filipino ang *Daluyan* bagama't tumatanggap din ang SWF ng mga artikulo mula katutubong wika na maaaring isalin sa Filipino. Noong 2012 nagkaroon ng *online open access* ang *Daluyan* upang higit na maabot ang mga mambabasa kahit sa *internet*.

Noong sumunod na taon kinilala ang *Daluyan* ng Commission on Higher Education bilang isa sa mga *accredited journal* nito. Noong 2013 nagpadala ng imbitasyon ang EBSCO, isa sa mga nangungunang naglalathala sa *online* ng mga *e-journal*, *e-magazine* at iba pang babasahin na naaakses ng sinoman at saan man sa mundo (Ulat ng Direktor).

Isa ring mahalagang ambag ng SWF ay ang pagkakalikha ng *Gabay sa Editing* at *Gabay sa Ispeling*. Nabuo ang *Gabay sa Editing sa Wikang Filipino* sa pakikipagtulungan ng mga editor ng SWF, mga konsultant nito at sa mahabang karanasan ng paglalathala bilang resulta ng mga kinaharap na suliranin sa pagbaybay at panghihiram sa pag-eedit ng mga aklat. Sinikap nitong hindi lamang magbatay sa mga nagawa nang manuwal sa paghihiram at pagbaybay gaya ng *Mga Tuntunin sa Ortograpiyang Filipino* ng Surian sa Wikang Pambansa, *Alpabeto at Patnubay sa Ispeling ng Wikang Filipino* ng Linangan ng mga Wika sa Pilipinas, at *2001 Revisyon*

sa *Alfabeto at Patnubay sa Ispeling* ng Komisyon sa Wikang Filipino kung hindi maging sa konsultasyon sa mga manunulat at editor sa bansa (Zafra 2008). Ang Gabay na ito ang nagsisilbing solusyon sa mga suliraning pangwika, kaugnay ng pagbaybay at pagsasalin, na kinakaharap ng mga manunulat at mag-aaral. Nakatutulong ito upang mapabilis ang standardisasyon ng wikang Filipino.

Malawak na rin ang naging impluwensiya ng SWF sa paglilimbag sa ilalim ng programang Aklatang-Bayan. Ayon sa Katalogo Filipino ng 2018, mula nang simulan ang proyekto noong 1994, humigit na sa isang daang titulo ang nasa Aklatang-Bayan. Patunay ng kahusayan ng mga aklat na nalimbag sa ilalim ng proyektong ito ang mga parangal at pagkilala mula sa iba't ibang samahan at institusyon. Noong 2014, pinarangalan ang SWF Diliman ng Gawad Dangal ng Wikang Filipino mula sa Komisyon sa Wikang Filipino at noong ika-30 ng Enero 2017, nakatanggap ang Sentro ng Wikang Filipino sa pamamagitan ng programang Aklatang-Bayan ng *Certificate of Recognition* mula sa Gawad Pangulo ng Unibersidad ng Pilipinas sa karangalan ng serbisyo publiko (Katalogo Filipino 2018).

### C. Mga Gawad at Parangal Pangwika

Upang maging mas masigabo ang mga mag-aaral, dalubhasa at iskolar ng wika sa paggamit at pananaliksik para sa at gamit ang wikang Filipino, naglulunsad ng mga gawad at parangal ang SWF Diliman para bigyang-karangalan ang mga sumusuporta sa pagtataguyod ng Filipino bilang wikang panturo at wika ng akademikong larangan.

Ang Gawad Saliksik-Wika na nasa porma ng kompetisyon ng iba't ibang iskolar ng wika ay inanyayahang magsusumite ng kanilang proposal ng pananaliksik. Bukas ito para sa mga guro, mag-aaral, mananaliksik, at kawani ng UP Diliman na nais manaliksik tungkol sa paggamit ng Filipino sa mga disiplina.

Ang Gawad Lope K. Santos, Gawad Cecilio Lopez, Gawad Sentro ng Wikang Filipino, at Gawad Tsanselor sa Natatanging Mananaliksik sa Filipino ay mga gawad na ipinagkakaloob sa natatanging guro at mananaliksik sa Filipino sa Sistemang UP. Layunin nitong mabigyang-pagkilala ang mga guro at mananaliksik na nagtataguyod ng Filipino sa kanilang disiplina at makapanghikayat ng mga gurong

mananaliksik na gumamit ng Filipino sa pagsulat, pananaliksik, at pagtuturo.

Ang Gawad Saliksik Wika ay naggagawad ng pondo para sa mga pananaliksik na may kinalaman sa wikang Filipino at kulturang Filipino. Ang gawad ay isang taunang kompetisyon. Ang gantimpala ay mula sa halagang Ph100,000 hanggang Ph150,000. Maaaring magpanukala ng anomang proyekto ng pananaliksik na may kaugnayan sa wikang Filipino at kulturang Filipino. Gayonman, binibigyang-diin ang mga sumusunod na paksa ng pananaliksik: (1) saliksik sa gamit ng wikang Filipino bilang midyum ng pagtuturo at bilang opisyal na wika; (2) saliksik sa wikang Filipino bilang wika ng karunungan sa iba't ibang disiplina; (3) gramatika at mga diksiyaryong Filipino at iba pang wika sa Pilipinas; (4) pagpapayaman ng Filipino batay sa mga wika sa Pilipinas; at (5) saliksik sa mga palisi at patakarang pangwika sa Pilipinas (SWF Diliman Website).

Upang higit na mapadali ang paggamit ng Filipino sa edukasyon, nilikha ang Gawad Teksbuk. Ang gawad ay nagbibigay ng suporta sa mga guro at manunulat na nais sumulat ng teksbuk pampaaralan. Ang pagsulat ng mga teksbuk ay nilahukan ng mga guro at iskolar sa iba't ibang disiplina gayundin ng mga manunulat at eksperto sa wikang Filipino. Sinuportahan naman ang paglilimbag ng mga ahensiya ng pamahalaan tulad ng Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST), ilang maasahang lider pampolitika ng bansa, at iba pang indibidwal na may pagmamalasakit sa pambansang wika.

### D. Pagpapatibay ng Ugnayang Pangwika sa Pilipinas

Ang mandato ng SWF Diliman bilang tagapagsulong ng wika ay hindi lamang sumasakop sa loob ng Unibersidad. Lumalawak din ang impluwensiya maging sa iba't ibang antas ng edukasyon mula elementarya hanggang kolehiyo. Sa mga serye ng lektura gaya ng “Lakbay-Seminar sa Pagpapalaganap ng Wika at Panitikan” na ginanap sa Naga, Cagayan de Oro, at Baguio, nilayong makahanap ng suporta ng mga guro sa Filipino mula sa mga administrador sa loob ng paaralan at/o mga pinunong bayan. Tinalakay sa seminar ang pagpapalakas at pagpapalaganap ng wika at panitikan ng Pilipinas.

Sa forum naman ng “Bantay-Wikang Filipino: Ang Pagtuturo ng Filipino sa Kolehiyo” na ginanap

noong Hunyo 23, 2014 tinalakay ang usapin ng CHED Memo Order 2, s. 2013 kung saan binalangkas ang bagong General Education Curriculum na nagsasantabi sa pagtuturo ng Filipino bilang *required subject* sa kolehiyo. Apat na taon matapos ang Bantay-Wikang Filipino, ginanap ang *press forum* tungkol sa CHED Memo 20 series of 2013 sa UP Hotel noong 2018. Ito ay bunsod ng pagkakabasura ng TRO na isinampa ng Tanggol Wika kaugnay ng pagpapatanggal ng mga sabjek na Filipino sa kolehiyo. Ang forum ay dinaluhan ng mga guro, mga taga-media, mga professor emeritus, mga mag-aaral, at iba't ibang organisasyon upang ipahayag ang pagtutol sa CHED Memo series of 2013.

Nakipagtulungan din ang SWF Diliman sa mga organisasyon at samahang gaya ng CONTEND o Congress of Teachers/Educators for Nationalism and Democracy, Save the Children Foundation, Tanggol Wika, mga kompanyang publikasyon gaya ng Anvil, at iba pang organisasyong pangwika kabilang ang National Commission for Culture and the Arts at Komisyon sa Wikang Filipino upang magsagawa ng mga palihan, kumperensiya, at mga programang pampublikasyon. Sa pakikipagtulungan sa Save the Children Foundation, isinagawa ang proyektong “First Read” na nakatutok sa pag-aalaga at kaunlaran ng batang may edad na 0-4. Layunin nitong pagbutihin ang pagpapalitaw sa kakayahan sa pagbasa, pagsulat, at pagbibilang ng mga batang may edad na 0-4 (Ulat ng Direktor – Rosario Torres-Yu).

Ang mga ugnayan sa mga organisasyon, pangwika man o hindi ay nagpapatatag din ng katayuan o institusyonalisasyon ng SWF Diliman. Sa pamamagitan ng pagsuporta sa mga adbokasiyang pangwika ng ibang organisasyon sumisigla naman at tumitibay ang tindi para sa pambansang wika.

Ayon kay Dr. Torres-Yu, mahalaga ang papel ng mga eksternal na organisasyon katulad ng Save the Children, at ang potensyal at malaking papel ng mga institusyong naglalathala na hindi ‘profit oriented’ kung hindi mas ‘service oriented’ o ‘quality oriented’ katulad ng Sentro ng Wikang Filipino. Ang pagkakaroon din ng pang-akademikong katangian ng SWF ang isa sa kalakasan na maaaring maiambag sa pagpapahusay ng kalidad ng mga librong pambata sa pamamagitan ng pagsasaliksik, paglulunsad ng mga kumperensiya at iba pa kasabay ng pagpapalawak ng network at pakikibahagi sa pagpopularisa at pag-institusyonalisa ng Wikang Filipino (Ulat ng Direktor – Rosario Torres-Yu).

## Mga k\Kahinaan ng SWF Diliman

Masasabing isa ring indikasyon ng impluwensiya ng isang institusyong pangwika ang nomenklatura o sistema ng pagpapangalan sa paligid nito. Tatawagin din itong *linguistic landscape* sa sosyolingguwistika. Dito sentral ang pag-aaral ng mga senyal at mga paskil upang masuri ang kalagayan o sistemang pangwika sa lugar na iyon. Ayon kay Spolsky, “public signs have two major functions: to communicate, whether information or persuasion or to express a symbolic function or to declare ownership or to mark linguistic dominance (Spolsky 2009, 26). Ayon kay Fishman, dahil ang *public linguistic space* ay isang domeyn na may kalahok (participants), paksa (topic), at lokasyon (location), mahalaga itong indikasyon ng pamamahalang pangwika ng lugar o institusyon, pamahalaan sa kabuoan (33). Dahil dito, maaaring tingnan ang naging impluwensiya ng SWF Diliman sa pagsusulong ng pagsasa-Filipino ng *linguistic landscape* ng UP Diliman.

### A. Bahay-Wika, Opisina ng SWF Diliman

Maganda sanang proyekto ang Bahay ng Wikang Filipino ng SWF Diliman. Isinulong ito bilang bahagi ng Centennial Project ng UP. Sa inisyal na pagpapalano, magkakaroon ng tatlong palapag ng gusali na magiging tahanan ng ugnayang pangwika. Sa unang palapag matatagpuan ang Sentro ng Wikang Filipino. Sa ikalawang palapag naman ilalaan ang Creative Writing Center at magiging *open space* ang ikatlong palapag (Ulat ng Direktor – Lilia F. Antonio). Nakatakda sana itong ipangalan kay Blas Ople bilang pagkilala sa kanyang kontribusyon sa Wikang Filipino. Magiging espasyo sana ito kung saan maaaring magtagpo ang mga estudyante guro, mananaliksik, at iba pang iskolar. Ayon ay Dr. Antonio, ang Bahay ng Wika ay magbibigay ng permanenteng lugar na mapagkakakilanlan ng mga tao tungkol sa tanggapan.

Ang maganda sanang proyektong ito na magmamarka ng espasyong nakalaan para sa pagpapanday ng wikang Filipino at pagpoposisyon sa loob ng UP Diliman ay hindi natuloy dahil sa kakapusan ng pondo. Malaking salapi ang kailangang makalap samantalang hindi makapagbigay ng malaking pondo para rito ang UP. Natapos na rin ang termino ni Dr. Antonio at hindi na ito naging priyoridad ng sumunod na pamunuan.

Sa loob ng mahigit isang dekada ay walang sariling opisina ang SWF Diliman. Hindi rin iilang beses

sumulat ang SWF sa opisina ng Campus Architect upang humiling na kumpunihin ang nabubulok at pabagsak nang bubong ng opisina na noo'y nasa Tomas Pinpin Hall. Sa kasalukuyan, nagsisilbing opisina ng SWF ang ikatlong palapag sa gusali ng School of Urban and Regional Planning (SURP) sa may E. Jacinto Street. Ayon sa *Terms of Reference* sa pagitan ng SURP at SWF, ang unang limang taong ng paggamit ng SWF sa espasyo, kabilang ang iba pang resorses gaya ng kuryente, tubig, mga silid sa ikatlong palapag sa SURP ay nagsimula noong 2009 at nagtapos ng 2014. Napahaba ang kontrata mula 2014 at magtatapos naman sa 2019. Bilang kabayaran sa upa, nagkakaloob ang Opisina ng Tsanselor ng Research Grant sa SURP na umaabot sa 200,000 piso kada taon ng pananatili ng SWF. Ayon sa nakasaad sa *Terms of Reference*, hanggang 2019 lamang ang ikalawang *renewal*, wala pa rin kasiguraduhan kung pahahabain pa muli ang kontrata at kung hindi, saan naman kaya ililipat ang SWF?

### **B. Nomenklatura at Pagpapangalan sa mga Pook at Paskil**

Kung lilibutin naman ang tinatawag na Academic Oval sa loob ng UP Diliman, makikitang ang pagpapangalan sa karamihan ng mga gusali, sa mga paskil o *signages* sa labas nito ay nasa Ingles lahat maliban sa Bulwagang Rizal, ang dating Faculty Center na nasunog noong 2016 at Bulwagan ng Dangal. Ito rin ang nagsisilbing marker ng mga gusaling ito. Ingles din ang wika sa karamihan ng mga pangalan ng mga kalye, *warning notices* na nagbabala halimbawa ng pagbabawal mag-park at manigarilyo, mga paskil na nagbibigay-impormasyon, at mga *commemorative plaque* na nagpapabatid ng mga donasyong kalsada o gusali.

Sa pananaw ni Spolsky (2009), ang mga paskil o *signages* ay maaaring isulat: una, sa wika ng inaasahang magbabasa nito. Sa kaso ng mga bansang may isang wika hindi na pag-uusapan pa ang wikang gagamitin sa pampublikong mga paskil. Ngunit sa mga bansang malimit binibisita ng mga dayuhan at may populasyong bilinggwal, maaaring gumamit ng dalawa o higit pang wika sa mga paskil. Ikalawa, maaaring isulat ang mga paskil o *signages* sa wika kung saan may pagkiling ang nagpapaskil nito (33).

Kung pagbabasehan ang mga paskil sa UP, masasabing Ingles nga ang piniling wika at nasa

wikang ito ang *linguistic landscape* ng Unibersidad. Sa ibang mga bansa, may mga salin ang pangalan ng mga gusali upang parehong mabasa ng mga katutubo roon at maging ng mga dayuhang maaaring bumisita sa lugar. Hindi ito ang kaso sa UP. Maaaring sabihing wala sa mandato ng SWF Diliman ang manguna sa pagpapalit ng mga paskil. Ngunit sa pagsusuri sa mga proyekto ng SWF Diliman, lumalabas na wala ni isang proyekto ang nagtangkang isulong tungo sa pagsasa-Filipino ng mga pangalan ng mga gusali o pagkakaroon ng salin nito sa mga paskil. Maaaring hindi pa ito nakikita ng SWF ngunit mahalaga ito dahil maaaring masuri rito ang posisyon ng Filipino sa Unibersidad at masasabing sa kasalukuyan, hindi nakaposisyon sa harap ng UP ang pambansang wika.

### **C. Ebalwasyon ng Programa**

Isa sa mga naging kakulangan ng SWF Diliman bilang isang ahensiyang pangwika ay ang kawalan ng ebalwasyon ng kanyang mga proyekto at programa. Sa mga *End of Term Report* na isinusumite ng mga direktor, nakahanay lamang ang mga naisagawang proyekto ngunit hindi ang bisa o epekto nito sa komunidad pangwika ng UP. Marami na ang nagsuri sa papel ng SWF bilang isang ahensiyang pangwika ngunit hindi ang mga aksiyon na nagawa nito o mga indibidwal na ebalwasyon sa bawat programa o aktibidad na isinagawa ng SWF. Mahaba ang linya ng mga kongkretong programang naisagawa ng SWF Diliman at mahalagang matasa ito upang maging mas episyente ang pamamahalang pangwika.

Isang mahalagang hamon at proyekto para sa SWF Diliman ang programang pagsasaayos ng sistemang pang-ebalwasyon na ito dahil kalahok dito hindi lamang ang SWF kung hindi ang buong Unibersidad. Sa pagsasagawa nito, sa pananaw ng mananaliksik, makokompleto ang institusyonalisasyon ng SWF Diliman bilang tagapamahala ng wika.

### **Mga Oportunidad sa Hinaharap**

Sa panahon ng teknolohikal na pagsulong, magandang oportunidad ang paggamit ng *online platforms* para palawakin ang network ng UP Diliman sa kilusang pangwika sa pamamagitan ng SWF Diliman. Dahil sa mga proyekto ng paglalathala ng Daluyan Journal sa EBSCO at pagiging *online* ng mga aklat na nalimbag ng SWF Diliman sa Aklatang-

Bayan *online*, lumalawak ang kapangyarihan ng SWF Diliman. Hindi na lamang ito nakakulong sa UP Campus kung hindi pinalalaganap na ang pagsusulong ng Filipino sa buong mundo. Dapat itong pasiglahin ng SWF Diliman nang sa gayon ay makaabot ang mga inisyatiba hindi lamang sa akademya kung hindi hanggang sa mga opisina at tahanan ng mga Pilipino.

### Mga Balakid Pagpapayabong ng Wika

Sa ulat ng SWF mismo, inamin ng ahensiya na kapansin-pansing wala pang malaking pagbabago sa pagtingin at paggamit ng komunidad sa wikang Filipino. Ito ay sa gitna pa ng mga suliraning kinakaharap nito sa kasalukuyan bunsod ng neoliberalismo na makikita sa pagkiling sa Ingles bilang wika ng internasyonalisasyon at pangkalahatang paghuhulma sa Unibersidad bilang institusyong pang-akademya na sumasabay sa mahuhusay na unibersidad sa mundo pagdating sa *world ranking*.

Isa sa mga balakid upang lubusang maigawa ng SWF ang kanyang mga mandato at programa ay ang pananaw mismo ng mga taga-UP sa wikang Filipino. Mula noong panahon na nagbibigay pa ng insentibo ang UP sa mga *staff* at guro na gumagamit ng Filipino sa kanilang mga transaksyon at mga klase, lubhang mabagal ang pagtanggap at pagyakap ng mga taga-UP sa Filipino bilang wikang pang-akademya.

Sa isang sarbey na isinagawa ng SWF noong 2014 hinggil sa paggamit ng Filipino sa pagtuturo, nakitang maliit ang interes ng mga fakulti at mga institusyon sa mga gawaing pangwika. Katunayan, walong porsyento lamang ang tumugong fakulti sa sarbey sa kabila ng paulit-ulit na pagpapadala ng memorandum mula sa Opisina ng Tsanselor. Samantala 14 lamang sa 26 kolehiyo ang tumugon sa nasabing sarbey. Ayon sa ulat, karamihan ay ayaw magkaroon ng teksbuk sa Filipino dahil sa takot na maiba ang kahulugan ng mga teknikal na mga salita. Hindi rin nila sinasang-ayonan ang paggamit ng mga teksbuk na nagawa na ng SWF dahil sa kawalang-tiwala sa mga ito. Tugon naman ng ilang gurong nais magturo sa Filipino, gustohin man umano nilang magturo sa Filipino, dahil ang mga babasahin ay nasa Ingles, napipilitan silang mag-Ingles. Napag-alaman din sa sarbey ang kawalan ng kaalaman ng karamihan sa mga fakulti sa nilalaman ng Patakarang Pangwika ng UP bagaman naririnig ito sa mga talakayan sa University Council (Ulat ng Direktor – Rosario Torres-Yu).

Malaki nga ang suliraning kinakaharap hindi lang ng UP Diliman, kundi ng buong bansa kaugnay ng pananaw sa wika. Ang pagkiling halimbawa ng Kongreso, Commission on Higher Education, at Department of Education sa Ingles, sa paniniwalang wika ito ng karunungan at pag-unlad, ang nagluwal ng mga polisiyang gaya ng EO 210, Gullas Bill, MTB-MLE o Mother Tongue Based-Multilingual Education, K-12, at CHED Memo 20. Makikita ritong binabago at inihaharap ang mga mag-aaral tungo sa internasyonalisasyon na Ingles ang hinihinging wika. Ang epekto ng neoliberal na polisiya sa wika at edukasyon ang siyang binabaka ng SWF na nagresulta sa pagkakabuo, pangunguna, at pagsuporta ng mga proyektong tumutuligsa at lumilihis sa agos nito gaya ng mga forum na tumututol sa pagpapatupad ng CHED Memo 20.

### Kongklusyon

Sa loob ng labingwalong taon, nagpapatuloy ang tunguhin at hangarin ng SWF Diliman na itulak ng Unibersidad ang pagpapahalaga sa pambansang wika. Simula noong magpanukala ang SWF na bigyan ng *multiplier* at insentibo ang mga gurong gagamit ng Filipino sa kanilang pagtuturo hanggang sa pagbibigay ng mga gawad at parangal, hindi tumitigil ang SWF na bigyang motibasyon ang mga nagsusulong ng Filipino sa akademya. Buo ang suporta nito sa mga iskolar ng wika. Ito ay sa kabila ng mga pabagobagong tunguhing pangwika ng Unibersidad dala ng neoliberal na polisiya sa edukasyon. Ang *calendar shift*, pagbabago sa *General Education Courses*, salat na pondo para sa mga SWF ang patuloy na binabaka ng SWF Diliman. Sa panahong ito, hindi na lamang tagasuporta ang SWF kung hindi pangunahing boses sa paggigiit ng Filipino bilang wika ng Unibersidad sang-ayon sa itinakda ng UP Patakarang Pangwika.

Mabigat na tungkulin ang nakaatang sa SWF Diliman bilang tagapamahala ng wika sa konteksto ng globalisasyon. Hindi maikakailang lantad na lantad ang pagkiling kahit ng mga ahensiyang pampamahalaan sa paggamit ng Ingles bilang pangunahing wika sa akademya. Patunay nito ang mga naudlot na probisyon at naipasang batas tulad ng *Executive Order 210*, *Gullas Bill*, *MTB-MLE*, *K to 12*, *CHED Memo 20* na pawang tumutugon sa internasyonalisasyon na tunguhin ng mga institusyong pang-akademya sa bansa. Hindi ligtas sa ganitong siste ang Unibersidad ng Pilipinas

kaya't isang malaking hamon para sa Sentro ng Wikang Filipino ang patuloy na pagpapatakbo ng ahensiya at maging mukha ng pamamahalang pangwika sa UP Diliman.

## SANGGUNIAN

### *Mga Artikulo at Aklat*

- Jose, Vivencio. "Ang wika ng Pagpapalaya at ang Papel ng Akademya". *Mga Piling Diskurso sa Wika at Lipunan*. Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino 1996. Print.
- Liwanag, Lydia B. "Pagpaplanong Pangwika sa Edukasyon: Karanasan ng Filipinas, Singapore at Hong Kong". *Nasa Filipino at Pagpaplanong Pangwika: Ikalawang Sourcebook ng SANGFIL*. Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino 2005. pp. 42-51. Print.
- Maceda, Teresita. "Sentro ng Wikang Filipino: Pagpapakilala." *Daluyan* Tomo 1, Blg. 1 (Hulyo-Agosto 1990): pp. 5 at 10-12. Print.
- Spolsky, Bernard. "Prolegomena to a Sociolinguistic Theory of Public Signage". *Nasa Linguistic Landscape Expanding the Scenery*. Elana Shohamy at Durk Gorter eds. New York: Routledge. pp. 25-39. 2009.
- . *Language Management*. Cambridge: Cambridge University Press. 2009.
- Zafra, Galileo S., "Ang UP Diksiyonaryong Filipino sa Konteksto ng Pagpapaunlad ng Wikang Pambansa". *Nasa UP Diksiyonaryong Filipino* 2010 ed. Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino. x-xii. Print.
- . "Ang Estandardisasyon ng Wika at ang Pagsusulong ng Filipino sa Akademya". *Nasa Gabay sa Ispeling* 2008 ed. Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino. Print.

### *Mga Tesis at Disertasyon*

- Abad, Melania L. *Antas ng Pagpapatupad ng Patakaran sa Wika ng Pamantasan ng Pilipinas: Pagsusuri sa Karanasan ng Diliman* (Masteral Thesis) Unibersidad ng Pilipinas, Quezon City Philippines. 1999
- Agapito, Raimund C. *Awtoridad sa Pagpaplanong Pangwika: Pag-aaral sa Implementasyon ng Patakarang Pangwika ng UP Los Baños* (Doctorate Thesis) Unibersidad ng Pilipinas, Quezon City. 2006.
- Agdigos, Bernardo Jr. *Pagsusuri sa Pagpapatupad ng Palisi sa Wika: Kaso ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman mula 1998-2004*. (Di gradwadong tesis) Unibersidad ng Pilipinas Diliman. 2004.
- Flores, Melania L. *Kawing: Gabay Pang-ebalwasyon ng Kilusan sa Wika (na Kritikal sa Neoliberalismo)* (Disertasyon) Unibersidad ng Pilipinas, Quezon City. 2017.

### *Mga Manuwal at Ulat*

- "Palisi sa Wika ng Unibersidad." Source Manual ng Sentro ng Wikang Filipino. Abril 1, 2001-Marso 31, 2004.
- Huling ulat ng Pamunuan ng Sentro ng Wikang Filipino (Marso 2009 – Disyembre 2011)
- Katalogo Filipino 2018. Sentro ng Wikang Filipino. Web.
- Katitikan ng lahat ng Pulong ng mga Kawani ng SWF Diliman (Abril 2001 – Marso 2004)
- Konstitusyon ng Sangfil
- Mga pulong ng mga Kawani at mga Proyekto ng UP Sentro ng Wikang Filipino para sa taong 2006-2007
- Sangfil Planning Workshop (Hunyo 29, 2002)
- Source Manual ng Sentro ng Wikang Filipino. Abril 1, 2001-Marso 31, 2004.
- Ulat ng Pagtatapos ng Termino ni Direktor Rosario Torres-Yu (Enero 2012 – Oktubre 2014)
- Ulat ng Direktor para sa Sentro ng Wikang Filipino (Abril 2007 – Pebrero 2009)
- Ulat sa Unibersidad ng Sentro ng Wikang Filipino (2014 – 2018)

### *Mga Panayam*

- Narvaez, Eileen. Personal na Panayam. 9 Nobyembre 2018.